


Para Mapigilan ang Pagkalat ng Basura Sanhi ng mga Uwak

1. Bawasan ang “*nama gomi*” o mga basura mula sa mga tirang pagkain.

Hangga’t maaari bawasan ang basura kapag nagluluto.

Huwag din magtira ng pagkain upang mabawasan ang basura.



2. Balutin ang “*nama gomi*” bago ito itapon.

Pagsama-samahin sa isang lalagyan ang mga natirang pagkain na ibabasura o iba pa, at balutin ito ng dyaryo o paper bag. Importanteng hindi makita ang nilalaman ng basurahan bago ito itapon sa labas.

※Ang “*nama gomi*” lamang ang kailangang balutin ng dyaryo o papel.

3. Gumamit ng “guard net”

Gumamit ng “guard net” upang hindi maabot at maikalat ng mga uwak ang mga basura.

※Panatilihin na natatakluban ng “guard net” ang mga basura, at lagyan ng pampabigat ang mga gilid nito.

4. Ilabas ang mga basura sa umaga ng takdang araw ng pangongoklekta at pag tapon ng basura.

Ang uwak ay maagang gumigising. Kapag inilabas ang basura bago ang takdang araw ng pagtapon ng mga ito, agad itong pinupuntirya ng mga uwak, at sa gabi naman ang mga pusa ang pumipinsala nito.

Itapon ang basura sa umaga ng takdang araw ng pangongolekta.

Hinihiling ang kooperasyon ng bawa’t-isa upang maiwasan ang pagkakalat ng basura sanhi ng mga uwak.